TAGALOG

Translation Tool for Antibiotic Medication Screening

I am sorry, but I do not speak Tagalog. There are not enough translators to help us today but we can work from this translation guide to get you the information you need. This might take a little while so please try to make yourself comfortable while I review the form you completed and decide which questions we need to answer. Thank you for your patience.

Ipagpaumanhin ninyo, ngunit hindi ako nagsasalita ng Tagalog. Hindi sapat ang mga tagasalin na makakatulong natin dito ngayon, ngunit maaari nating gamitin ang gabay sa pagsasalin na ito upang maibigay sa inyo ang mga impormasyong kailangan. Maaaring tumagal ito ng ilang sandali kaya't mangyaring subukang gawing komportable ang sarili habang sinusuri ko ang form na inyong kinumpleto at nang mapagpasyahan kung aling mga katanungan ang dapat nating sagutin. Salamat sa inyong pasensya.

ASK - 1

The form indicates that this person is **pregnant**. Have they had:

1) Several missed menstrual cycles (periods)?
   --OR--
2) A positive pregnancy test?

TANUNGIN - 1

Ang form na ito ay nagpapahiwatig na ang taong ito ay **buntis**. Nagkaroon na ba sila ng:

1) Ilang beses na hindi dinatnan (regla)?
   --O--
2) Positibong resulta sa pagsusuri ng pagbubuntis?

Yes
Oo ☐

No
Hindi ☐

ASK - 2

The form indicates that this person is **allergic to Ciprofloxacin**. Is their allergy to Ciprofloxacin life threatening?

For example:

1) Have they had a severe reaction to Ciprofloxacin in the past?
2) Does it make them to stop breathing or have a heart attack?

TANUNGIN – 2

Ang form na ito ay nagpapahiwatig na ang taong ito ay **allergic sa Ciprofloxacin**. Ang kanila bang allergy sa Ciprofloxacin ay nakamamatay?

Halimbawa:

1) Nagkaroon ba sila ng matinding reaksyon sa Ciprofloxacin dati?
2) Naging sanhi ba ito ng pagtigil sa paghinga o atake sa puso?

Yes
Oo ☐

No
Hindi ☐

Last Update: 10/2019

ASK - 3
The form indicates that this person has a history of **seizure or epilepsy** (convulsions).
1) Were the seizures caused by fever when the person was a child?
2) Do they still have seizures?

TANUNGIN - 3
Ang form na ito ay nagpapahiwatig na ang taong ito ay may kasaysayan ng **pangingisay o epilepsya** (kumbulsyon).
1) Ang mga pangingisay ba ay sanhi ng lagnat noong bata pa siya?
2) Mayroon pa din ba silang mga pangingisay?

Yes Oo ☐ No Hindi ☐

ASK - 4
Do the seizures or convulsions happen more often when they take medications that are Quinolones? (Ciprofloxacin is one example of a medication that is a Quinolone. Any medicine that ends in “-oxacin” is a quinolone.)

TANUNGIN - 4
Ang mga pangingisay o kumbulsyon ba ay mas madalas mangyari tuwing umiinom sila ng gamot na Quinolones? (Ang Ciprofloxacin ay isang halimbawa ng gamot na Quinolone. Lahat ng gamot na nagtatapos sa “-oxacin” ay isang quinolone.)

Yes Oo ☐ No Hindi ☐

ASK - 5
Does this person weigh less than 67 pounds?

TANUNGIN - 5
Ang taong ito ba ay may timbang na mas mababa sa 67 pounds?

Yes Oo ☐ No Hindi ☐

ASK - 6
The form indicates that this person is **allergic to Doxycycline**. Is their allergy to Doxycycline life threatening?
For example:

1) Have they had a severe reaction to Doxycycline in the past?
2) Does it make them stop breathing or have a heart attack?

TANUNGIN - 6
Ang form na ito ay nagpapahiwatig na ang taong ito ay **allergic sa Doxycycline**. Ang kanila bang allergy sa Doxycycline ay nakamamatay?
Halimbawa:

1) Nagkaroon ba sila ng matinding reaksyon sa Doxycycline dati?
2) Naging sanhi ba ito ng pagtigil sa paghinga o atake sa puso?

Yes
Oo

No
Hindi

TELL - 1
This indicates that this person is **pregnant** but, because they are also **allergic to Ciprofloxacin**, we need to give them Doxycycline.

Doxycycline can cause staining and poorly formed teeth in children whose mothers take it during pregnancy. The risk depends on when it is given and for how long. Medical experts think that during a life-threatening public health emergency, it is ok to give Doxy to pregnant people if they cannot take Cipro. They think the protection from the Doxy outweighs the risk of later tooth problems for the child.

If the person is unable to swallow pills, then I will give you instructions on how to crush the Doxycycline tablets, so this person can take it with food.

It is important that this person take the medication they are given until they can see a medical provider for a different medication. I am giving you a Letter of Referral for you to take with you. The Letter of Referral will tell the medical provider why this person can't take the medications we have here and will help the medical provider choose an appropriate different medication. I will show/give you a translated version as well, so you can understand what is written in the Letter of Referral.

SABIHIN - 1
Ito ay nagpapahiwatig na ang taong ito ay **buntis**, ngunit dahil siya ay **allergic** din **sa Ciprofloxacin**, kailangan natin silang bigyan ng Doxycycline.

Ang Doxycycline ay maaaring maging sanhi ng pagmamantsa o di maayos na pagkakatubo ng mga ngipin ng mga bata kapag ang nanay nila ay uminom nito sa panahon ng pagbubuntis. Ang panganib na maaaring idulot nito ay depende kung kailan ito ibinigay at kung gaano katagal. Pinaniniwalaan ng mga eksperto sa medisina na sa isang nakamamatay na emerhensya patungkol sa pampublikong kalusugan, maaaring magbigay ng Doxy sa mga buntis kung di nila kayang inumin ang Cipro. Sa tingin nila ang proteksyong galing sa Doxy ay mas matimbang kaysa sa magiging problema sa ngipin ng bata sa hinaharap.

Kung hindi kayang lunukin ang gamot, bibigyan ko kayo ng tagubilin kung paano durugin ang mga tableta ng Doxycycline, upang mainom ito kasabay ng kanyang pagkain.

Mahalagang mainom ng taong ito ang mga gamot na ibibigay sa kanya hanggang hindi pa siya natitingnan ng isang medikal na tagapagkaloob para mabigyan ng ibang gamot. Bibigyan ko kayo ng madadala mong Sulat ng Pagsangguni. Ang Sulat ng Pagsangguni ang magsasabi sa medikal na tagapagkaloob kung bakit ang taong ito ay hindi maaaring bigyan ng gamot na mayroon tayo dito at makakatulong sa kanilang pumili ng ibang angkop na gamot. May ipapakita/ibibigay din ako sa iyong naisalin na bersyon upang maintindihan mo ang nakasulat sa Sulat ng Pagsangguni.

TELL - 2
This indicates that this person is **pregnant** but, because they are also **not able to swallow pills**, we need to give them Doxycycline.

Doxycycline can cause staining and poorly formed teeth in children whose mothers take it during pregnancy. The risk depends on when it is given and for how long. Medical experts think that during a life-threatening public health emergency, it is ok to give Doxy to pregnant people if they cannot take Cipro. They think the protection from the Doxy outweighs the risk of later tooth problems for the child.

It is important that this person takes the medication they are given until they can see a medical provider for a liquid form of a different medication. I am giving you instructions on how to crush the Doxycycline tablets, so this person can take it with food.

I am giving you a Letter of Referral. This letter explains this person's medical conditions and gives information for the medical provider about the different medications that are available. I will show/give you a translated version as well, so you can understand what is written in the Letter of Referral.

SABIHIN - 2
Ito ay nagpapahiwatig na ang taong ito ay buntis, ngunit dahil hindi niya kayang lumunok ng tabletas, kailangan natin silang bigyan ng Doxycycline.

Ang Doxycycline ay maaaring maging sanhi ng pagmamantsa o di maayos na pagkakatubo ng mga ngipin ng mga bata kapag ang nanay nila ay uminom nito sa panahon ng pagbubuntis. Ang panganib na maaaring idulot nito ay depende kung kailan ito ibinigay at kung gaano katagal. Pinaniniwalaan ng mga eksperto sa medisina na sa isang nakamamatay na emerhensya patungkol sa pampublikong kalusugan, maaaring magbigay ng Doxy sa mga buntis kung di nila kayang inumin ang Cipro. Sa tingin nila ang proteksyon galing sa Doxy ay mas matimbang kaysa sa magiging problema sa ngipin ng bata sa hinaharap.

Mahalagang mainom ng taong ito ang mga gamot na ibibigay sa kanya hanggang hindi pa siya natitingnan ng isang medikal na tagapagkaloob para sa ibang gamot na likido. Bibigyan ko kayo ng mga tagubilin kung paano durugin ang mga tableta ng Doxycycline, upang mainom ito kasabay ng kanyang pagkain.

Bibigyan kita ng Sulat ng Pagsangguni. Ang sulat na ito ang magpapaliwanag sa kalagayang medikal ng taong ito at nagbibigay impormasyon sa medikal na tagapagkaloob sa iba pang magagamit na gamot. May ipapakita/ibibigay din ako sa iyong naisalin na bersyon upang maintindihan mo ang nakasulat sa Sulat ng Pagsangguni.

TELL - 3
This shows that this person has many health concerns but that they can take Doxycycline if needed. Doxycycline is recommended today, and it is important that they take this medication until they can see a medical provider for a different medication. I am giving you a Letter of Referral. This Letter explains this person's health conditions and gives information for the medical provider about the different medications that are available. I will show/give you a translated version as well, so you can understand what is written in the Letter of Referral.

If the person is unable to swallow pills or weighs less than 76 pounds, then I will give you instructions on how to crush the Doxycycline tablets, so this person can take it with food.

Doxycycline can cause staining and poorly formed teeth in children whose mothers take it during pregnancy. The risk depends on when it is given and for how long. Medical experts think that during a life-threatening public health emergency, it is ok to give Doxy to pregnant people if they cannot take Cipro. They think the protection from the Doxy outweighs the risk of later tooth problems for the child.

SABIHIN - 3
Ito ay nagpapakita na ang taong ito ay maraming alalahaning pangkalusugan ngunit maaari silang uminom ng Doxycycline kung kinakailangan. Ang Doxycycline ay rekomendado ngayon at mahalagang inumin nila ang gamot na ito hangga't hindi pa sila natitingnan ng isang medikal na tagapagkaloob para sa ibang gamot. Bibigyan kita ng Sulat ng Pagsangguni. Ang sulat na ito ang magpapaliwanag sa kalagayang pangkalusugan ng taong ito at nagbibigay impormasyon sa medikal na tagapagkaloob sa iba pang magagamit na gamot. May ipapakita/ibibigay din ako sa iyong naisalin na bersyon upang maintindihan mo ang nakasulat sa Sulat ng Pagsangguni.

Kung ang nasabing tao ay hindi kayang lumunok ng tabletas o tumitimbang nang mas mababa pa sa 76 pounds, bibigyan kita ng tagubilin kung paano durugin ang mga tableta ng Doxycycline, upang mainom ito kasabay ng kanyang pagkain.

Ang Doxycycline ay maaaring maging sanhi ng pagmamantsa o di maayos na pagkakatubo ng mga ngipin ng mga bata kapag ang nanay nila ay uminom nito sa panahon ng pagbubuntis. Ang panganib na maaaring idulot nito ay depende kung kailan ito ibinigay at kung gaano katagal. Pinaniniwalaan ng mga eksperto sa medisina na sa isang nakamamatay na emerhensya patungkol sa pampublikong kalusugan, maaaring magbigay ng Doxy sa mga buntis kung di nila kayang inumin ang Cipro. Sa tingin nila ang proteksyon galing sa Doxy ay mas matimbang kaysa sa magiging problema sa ngipin ng bata sa hinaharap.

Tell - 4
Please take this Letter of Referral to a medical provider immediately after you leave. Because of the medical conditions this person has a medical provider may be able to give them a better medication or advice about their current medication/condition. The letter will tell the medical provider why this person might need a different mediation or medical advice. I will show/give you a translated version as well so you can understand what is written in the Letter of Referral.

Please wait while I determine if they can safely take one of the two medications we have here.

SABIHIN - 4
Ipinapakiusap na dalhin agad pag-alis ang Sulat ng Pagsangguni sa medikal na tagapagkaloob. Dahil sa kalagayang medikal ng taong ito, mas mabibigyan ng medikal na tagapagkaloob ng mas mabuting gamot o payo na angkop sa kanilang kasalukuyang gamot/kondisyon. Ang sulat ang magsasabi sa medikal na tagapagkaloob kung bakit kailangan ng taong ito ang ibang gamot o payong medikal. May ipapakita/ibibigay din ako sa iyong naisalin na bersyon upang maintindihan mo ang nakasulat sa Sulat ng Pagsangguni.

Ipinapakiusap na maghintay sandali habang inaalam ko kung ligtas sa kanilang inumin ang isa sa dalawang gamot na mayroon kami dito.

Tell - 5
This indicates that this person has a **history of seizures or epilepsy (convulsions)** that happen more often when they take medication like Ciprofloxacin. I have a few more questions to review but because they are also allergic to Doxycycline, I will probably give them Ciprofloxacin today and that will come with the risk of seizures happening more often so it is important that they see a medical provider for a different medication within 2 days. I am giving you a Letter of Referral for you to take with you. The Letter of Referral explains this person's medical conditions and gives information for the medical provider about different medications that are available. I will show/give you a translated version as well so you can understand what is written in the Letter of Referral.

Please wait while I finish the screening process to see if this person is able to take Ciprofloxacin.

SABIHIN - 5
Ito ang nagpapahiwatig na ang taong ito ay may **kasaysayan ng pangingisay o epilepsya (kumbulsyon)** na mas madalas mangyari tuwing umiinom ng gamot na tulad ng Ciprofloxacin. May ilang pa akong tanong upang magsuri ngunit dahil allergic din sila sa Doxycycline, malamang na bigyan ko sila ng Ciprofloxacin ngayon at ito ay may kasamang panganib na makaranas ng mas madalas na pangingisay kaya mahalagang makita na sila agad ng isang medikal na tagapagkaloob sa loob ng 2 araw upang mabigyan ng ibang gamot. Bibigyan kita ng Sulat ng Pagsangguni na madadala mo. Ang Sulat ng Pagsangguni na ito ang magpapaliwanag sa kalagayang medikal ng taong ito at magbibigay impormasyon sa medikal na tagapagkaloob tungkol sa iba't ibang maaaring gamot. May ipapakita/ibibigay din ako sa iyong naisalin na bersyon upang maintindihan mo ang nakasulat sa Sulat ng Pagsangguni.

Ipinapakiusap na maghintay habang tinatapos ko ang proseso ng pag-screen upang malaman kung maaaring ipainom sa taong ito ang Ciprofloxacin.

Tell - 6
Because of the medical conditions this person has we are unable to give them a medication that will be safe for them to take. Please take this Letter of Referral to a medical provider immediately after you leave. It will tell the medical provider why this person can't take the medications we have on site and will help the medical provider select a different medication. I will show/give you a translated version as well so you can understand what is written in the Letter of Referral.

Please remember to pick up the medication for the rest of your family at the dispensing station.

SABIHIN - 6

Dahil sa kalagayang medikal ng taong ito, hindi namin siya maaaring bigyan ng gamot na ligtas niyang maiinom. Ipinapakiusap na dalhin mo agad itong Sulat ng Pagsangguni sa medikal na tagapagkaloob sa iyong pag-alis. Ito ang magsasabi sa medikal na tagapagkaloob kung bakit ang taong ito ay hindi maaaring painumin ng gamot na mayroon kami dito sa site at makakatulong din sa medikal na tagapagkaloob na makapili ng ibang gamot. May ipapakita/ibibigay din ako sa iyong naisalin na bersyon upang maintindihan mo ang nakasulat sa Sulat ng Pagsangguni.

Ipinapakiusap na huwag kalimutang kunin ang mga gamot para sa inyong pamilya sa dispensing station.